Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 216-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAABOT NG PINAKAMARINGAL NA PASASALAMAT NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SA PANGUNGUNA NG MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PAMAMAGITAN NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA, SA PAMUNUAN NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) SA PANGUNGUNA NI IGG. MARK VILLAR, KALIHIM, ENGR. ROSELLER TOLENTINO, REGIONAL DIRECTOR AT ENGR. HENRY ALCANTARA, DISTRICT ENGINEER, DPWH FIRST ENGINEERING DISTRICT - BULACAN SA KANILANG PAGHAHANDOG NG ISOLATION AT QUARANTINE FACILITIES SA LUNGSOD NG MALOLOS BILANG BAHAGI NG LABAN KONTRA COVID-19.**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** ang buong bansa ay napapaloob sa deklarasyon ng State of Public Health Emergency at State of Calamity sa pamamagitan ng Executive Order ng Lubhang Kagalang-galang Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Republika ng Pilipinas bunsod ng dumaraming kaso ng COVID-19 na sa kasalukuyan ay umaabot na sa 314,000;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay napasailalim sa Community Quarantine upang malabanan ang pagkalat o ang local transmission ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay pumalo na sa mahigit 635 kaso ng COVID-19 cases sa Lungsod ng Malolos base sa ulat ng Panlungsod na Manggagamot at 26 ang naitalang nasawi;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng City Resolution No. 172-2020 ay pormal na humiling ang Sangguniang Panlungsod sa Department of Public Works and Highways (DPWH) sa pamamagitan ni Engr. Henry Alcantara ng kaukulang pondo para sa pagpapatayo ng Isolation and Quarantine Facilities sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** kagyat na tumugon dito ang Department of Public Works and Highways (DPWH) at naglaan ng humigit-kumulang Apatnapung Milyong Piso na pondo upang maisakatuparan ito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay naitayo na ang nasabing Isolation and Quarantine Facilities sa Malolos Sports and Convention Center (MSCC) at sa bahagi ng 10 ektaryang lupain ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang kagandahang-loob at aksyon na ito ay malaking tulong sa mga programa ng Pamahalaang Panlungsod lalo na sa paglaban sa COVID-19;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa mga layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkalooban ng mataas na antas ng paglilingkod publiko, higit lalo sa mga programang naka-sentro sa kalusugan ng mga mamamayan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

------------------------------------x

**SAPAGKAT**, alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7610 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang gampanin ng bawat lokal na pamahalaan na magsulong ng mga programa at proyektong pangkaunlaran at magsusulong ng kagalingang panlahat (General Welfare Clause)

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat ng dumalo na:

**IPINASIYA**,gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na ipinapaabot ang pinakamaringal na pasasalamat ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda, sa pamunuan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa pangunguna ni Igg. Mark Villar, Kalihim, Engr. Roseller Tolentino, Regional Director at Engr. Henry Alcantara, District Engineer, DPWH First Engineering District- Bulacan sa kanilang paghahandog ng Isolation at Quarantine Facilities sa Lungsod ng Malolos bilang bahagi ng laban kontra COVID-19.

**IPINASIYAPA DIN**, na mabigyang sipi ng Kapasyahang ito ang mga tanggapan na dito'y binibigyang pagkilala at pasasalamat.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020